
Filipino

# Simulang gamitin ang iyong bagong bin!



## Ang iyong bagong 240L may-berdeng takip na Food Organics at Garden Organics bin, bench-top kitchen caddy at 1-taon na supply ng certified caddy liners ay dumating na!

### Hindi nagbabago ang araw ng iyong koleksyon!

Bawat linggo ang inyong may-berdeng takip na FOGO bin ay ilalabas kasama ang may-dilaw na takip na recycling bin o ang may-pulang takip na pangkalahatang basurahan na bin. Ang iyong recycling bin ay patuloy na kokolektahin sa parehong tig-dalawang linggo, at ang iyong pangkalahatang basura na bin ay kokolektahin na ngayon sa magkahaliling tig-dalawang linggo.

**Hindi sigurado kung aling mga bin ang ilalabas sa araw ng koleksyon?** I-scan ang QR code at i-type ang iyong address para malaman kung anong araw ang koleksyon para sa iyong mga bin!

### Mga nappy

Upang maiwasan ang masamang amoy ng nappy sa iyong basurahan:

- Itago ang iyong may-pulang takip na waste bin sa may lilim.
- Doblehin ang bag ng iyong mga nappies.
- Itapon ang anumang solid waste sa toilet bago ilagay ang nappies sa iyong red lid waste bin.
- Gumamit ng mga produktong pangtanggal ng masamang amoy tulad ng mga kristal na pantanggal ng amoy o bin fresheners.

**Itabi mo ako!**

Ilagay ang flyer na ito sa iyong refrigerator o kung saan madali itong mabasa!

### Paglalabas ng iyong bin

Ilabas ang iyong bin sa gabi bago ang araw ng koleksyon.

- Dalhin ito sa loob (ng bakuran) kapag wala nang laman (sa loob ng 24 na oras).
- Ilagay ang iyong bin sa kerbside sa kahabaan ng kalsada, malayo sa anumang mga hadlang (mga puno, mga poste, mga karatula).
- Ilagay ang iyong mga bin nang mga 1m ang agwat.
- Tiyaking nakaharap ito sa kalsada (ang hawakan ay dapat nakaharap sa iyong tahanan).
- Huwag punan nang sobra ang iyong bin - tiyaking nasasara ang takip! Ang maximum na timbang ay 80kg.

### Higit pang impormasyon

Narito kami para tumulong!

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa bagong serbisyo ng FOGO, kung anong mga item ang dapat pumunta sa kung anong bin, kung paano gagamitin ang iyong caddy, o nais lamang magtanong, **i-scan ang QR code sa ibaba gamit ang anumang katugmang aparato!**

### O makipag ugnay sa amin:

**Konseho ng Alpine Shire**

info@alpineshire.vic.gov.au

03 5755 0555

# Gamitin sa pinakamabuting paraan ang iyong bagong bin

## Ang paraan ng iyong pag-recycle sa bahay ay nagiging mas mahusay




ALPINE SHIRE COUNCIL

Sustainability Victoria

VICTORIA State Government

## Pagkain at hardin na organics

### Lingguhang serbisyo

**Food organics, tinatanggap na mga gamit sa bahay at garden organics lamang. Alisin ang balot, mga goma at sticker mula sa prutas.**

### Mga tinatanggap na item

**Hindi ito kumpletong listahan**

- Wala na sa panahon, hindi na makakain
- Coffee grounds, mga dahon ng tsaa
- Paper towel, tissue para sa mukha
- Mga produkto na gawa sa gatas, kabilang ang yoghurt
- Mga basura na mga prutas at gulay
- Karne, pagkaing dagat, buto, balat ng itlog
- Mga dahon, halaman, sanga, damo, masamang damo



### Hindi tinatanggap

Plastic, kabilang ang biodegradable o hindi sertipikadong compostable na mga plastic, mga coffee pod, tabla na nilagyan ng kemikal, mga damit, nappies, wet wipes, recyclable na materyal o mapanganib na basura.




**I-scan ang QR code para sa buong listahan ng mga tinatanggap na mga item.**

## Magkakahalo-halong (mixed) recycling

### Tig-dalawang linggong serbisyo

**Ang mga item ay dapat na hiwa-hiwalay at walang mumo ng pagkain kapag inilagay sa bin na ito. Huwag ilagay ang mga ito sa mga plastic bag. Patagin ang mga kahon upang makatipid ng lugar.**

### Mga tinatanggap na item


**Hindi ito kumpletong listahan**

- Tinatanggap na mga plastik na bote at lalagyan
- Mga lata ng aluminium at bakal, lata, papel de liha
- Mga bote at garapon
- Karton, mga kahon ng cereal, mga karton ng itlog
- Papel, mga pahayagan, magasin, sobreng papel




### Hindi tinatanggap

Mga plastic bag, iba pang malalambot na plastik, damit, sapatos, tela, coated o waxed na karton, electronic waste at mga baterya, mga babasagin (crockery), polystyrene (styrofoam), coffee cups o mapanganib na basura.




**I-scan ang QR code para sa buong listahan ng mga tinatanggap na mga item.**

## Pangkalahatang basura

### Tig-dalawang linggong serbisyo

**Gamitin ang bin na ito para sa mga item na hindi na maaaring muling gamitin o hindi na mare-recycle. Ang mga basurang pagkain ay hindi dapat mapunta sa bin na ito.**

### Mga tinatanggap na item


**Hindi ito kumpletong listahan**

- Mga sirang gamit na gawa sa bubog, crockery at mga salamin
- Mga nappy at wet-wipes
- Lumang damit, sapatos o tela na hindi na maaayos o maido-donate
- Maluwag na mga takip ng garapon at mga takip ng bote, pambomba, spray, dropper



### Hindi tinatanggap

Elektronikong basura at baterya, basura sa pagkain at hardin, mga kemikal sa sambahayan, mga bagay na maaaring i-recycle, lupa, materyales sa gusali o mapanganib na basura.




**I-scan ang QR code para sa buong listahan ng mga tinatanggap na mga item.**